## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kapangyarihan ng ebanghelyo para sa kaligtasan ng lahat ng bayan. Pasalamatan Siya para sa pagkakataon na magpatuloy sa Kanyang misyon—ang Dakilang Komisyon.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataon na maipangaral ang ebanghelyo sa isang tao na hindi pa nakaririnig nito. Hingin sa Diyos ang karunungan upang malaman mo kung ano ang mga sasabihin mo tuwing makakatagpo ka ng iba't ibang uri ng tao.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng bayan o kaya ay pangalan ng misyonaryo na palagi mong ipagdarasal at susuportahan.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

THE Mission continues

# Ang Kapangyarihan ng Ebanghelyo

WEEK 1

## WARM-UP

- Kung magagawa mong magbiyahe papunta sa anumang lugar, saan mo pipiliing pumunta? Bakit?
- Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon kung kailan pinagkatiwalaan ka na sabihin sa iba ang isang napakahalagang mensahe. Ano ang nangyari?
- Kailan ang huling pagkakataon na naisaayos mo ang naging pagtatalo ninyo ng isa mong kaibigan? Paano ito nangyari?

## WORD

*12 At ang pangakong ito'y para sa lahat dahil walang pagkakaiba ang Judio sa hindi Judio. Ang Panginoon ay Panginoon ng lahat, at pinagpapala niya nang masagana ang lahat ng tumatawag sa kanya. 13 Sapagkat sinasabi sa Kasulatan, "Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa Panginoon."* **MGA TAGA-ROMA 10:12,13**

Ang isang tema na tumatakbo sa buong aklat ng Mga Taga-Roma ay ang kapangyarihan ng ebanghelyo para sa kaligtasan. Upang magpatuloy ang misyon, ang kaligtasan na ito ay hindi lamang para sa mga indibidwal, kundi sa pamamagitan ng mga indibidwal patungo sa mga bayan sa mundo. Sa ika-10 kabanata ng liham ni Pablo sa mga taga-Roma, tinalakay niya ang pagkakawatak-watak sa pagitan ng mga tagasunod ni Cristo na Hudyo at hindi Hudyo, na magkahiwalay na nagtitipon-tipon kahit na iisa lamang ang kanilang Diyos. Sinabi niya na *ang Panginoon ay Panginoon ng lahat*, at ang Kanyang kapangyarihan na nakapagliligtas ay para sa lahat. Tingnan natin kung ano ang ibig sabihin nito para sa atin.

## 1 Pumunta sa ibang lugar at ipangaral ang ebanghelyo.

*Pero paano sila tatawag kung hindi naman sila sumasampalataya sa kanya? At paano sila sasampalataya kung hindi pa sila nakakarinig ng tungkol sa kanya? At paano sila makakarinig kung walang nangangaral?* **MGA TAGA-ROMA 10:14**

*Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa Panginoon*. Ang ibinibigay ng Diyos na kaligtasan ay para sa lahat. Subalit kung walang mangangaral ng ebanghelyo, walang makakarinig sa ebanghelyo at walang maniniwala dito o kaya ay tatawag sa pangalan ng Panginoon. Tayo ang ginagamit ng Diyos upang maiparating sa lahat ang inihahandog Niyang kaligtasan. Kung walang pupunta sa iba't ibang lugar upang mangaral, hindi mararanasan ng mga indibidwal at pangkat etniko ang kaligtasan na binayaran ni Cristo ng napakalaking halaga. Paano ka ginamit ng Diyos upang maibahagi sa iba ang inihahandog Niyang kaligtasan?

## 2 Magpadala ng mga manggagawa na mangangaral ng ebanghelyo.

*At paano makakapangaral ang sinuman kung hindi naman siya isinugo? Ayon sa Kasulatan, "Napakagandang pagmasdan ang pagdating ng mga nagdadala ng magandang balita."* **MGA TAGA-ROMA 10:15**

Hinamon ni Pablo ang iglesya sa Roma na magpadala ng mga mangangaral ng ebanghelyo na magtatanim ng mga binhi nito, upang sa kapangyarihan ng ebanghelyo, magagawa ng mga bayan na tumawag sa pangalan ng Diyos at maligtas. Nagbigay siya ng isang pagsasalarawan, at ito ay ang mga tagapagpahayag na nagdadala ng mabuting balita sa mga hindi pa nakakarinig nito. Tayo man ang pupunta o magpapadala, lahat tayo ay binigyan ng kapangyarihan at tinawag upang ipangaral ang ebanghelyo at ipagpatuloy ang misyon na ipakilala si Jesu-Cristo sa buong mundo. Paano nakatutulong ang sinasabi sa Isaias 52:7 upang mailarawan sa isip at diwa ang pangangaral ng ebanghelyo? Ano ang ilang maaari nating gawin upang makibahagi sa pagpapadala ng mga manggagawa upang mangaral ng ebanghelyo?

## APPLICATION

- Tumawag ka na ba sa pangalan ng Diyos para sa iyong kaligtasan? Nais mo bang marinig ang ebanghelyo at maniwala dito ngayon? Hilingin sa isang kakilala na manalangin kasama mo upang tanggapin ang inihahandog Niyang kaligtasan.
- Kanino mo maaaring ipangaral ang ebanghelyo ngayong linggo? Ano ang sasabihin mo?
- Sa iyong komunidad sa iglesya, paano mo maipadadala ang iba sa iba't ibang lugar upang ipangaral ang ebanghelyo? Ano sa palagay mo ang iyong bahagi sa pagpapadala sa iba?